# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 26, 2021, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 8-9-21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN RECEIVED 09 AUG 2021

**KAPASIYAHAN BLG. 328-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PLAN NG KARAGDAGANG BADYET BLG. 4 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN PABLO SUR, SANTA CRUZ, LAGUNA NA MAY HALAGANG P167,500.00 NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHANG BARANGAY BLG. 075-T2021 / KAUTUSANG BARANGAY BLG. 06-T2021 NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur para sa Karagdagang Badyet Blg. 4 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahang Barangay Blg. 076-T2021 / Kautusang Barangay Blg. 07-T2021 na may halagang P167,500.00 na magmumula sa Surplus 2020 na may halagang P1,218,831.75 upang ilaan para sa Hazard Pay (P137,500.00) at Repaint and Lettering of Signage ng Sitio and Barangay Ordinance (P30,000.00) ng barangay;

**SAPAGKAT,** may pinagtibay na Supplemental Investment Plan para sa Karagdagang Badyet Blg. 4 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahang Barangay Blg. 075-T2021 / Kautusang Barangay Blg. 06-T2021;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahing pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Lucena R. Odejar, at Kgg. Mark Anthony P. Joven at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**. Pagtibayin ang Supplemental Investment Plan ng Karagdagang Badyet Blg. 4 ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur, Santa Cruz, Laguna na may halagang P167,500.00 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahang Barangay Blg. 075-T2021 / Kautusang Barangay Blg. 06-T2021 ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 26, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: 08-06-21

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan